

No. 18978

**PHILIPPINES
and
AUSTRALIA**

Cultural Agreement. Signed at Manila on 15 April 1977

Authentic texts: Pilipino and English.

Registered by the Philippines on 18 July 1980.

**PHILIPPINES
et
AUSTRALIE**

Accord culturel. Signé à Manille le 15 avril 1977

Textes authentiques : pilipino et anglais.

Enregistré par les Philippines le 18 juillet 1980.

[PILIPINO TEXT — TEXTE PILIPINO]

KASUNDUANG PANGKALINANGAN NG PAMAHALAAN NG
REPUBLICA NG PILIPINAS ET NG PAMAHALAAN NG
AUSTRALIA

Ang Pamahalaan ng Republika ng Pilipinas at ang Pamahalaan ng Australia, Sa marubdob na hangaring patibayin ang diwa ng pagtutulungan at pagkaka-ibigang umiiral sa dalawang bansa,

Sa pagkabatid ng kahalagahan ng pagpapalitan pangkalinangan na nabuo sa dalawang bansa,

Sa bunsod ng pangangailangan at nagkakaisang hangaring pasulungin at paunlarin ang mga ugnayang pangkalinangan ng kanikanilang mga mamamayan,

Ay nagkasundong gaya ng sumusunod:

Artikulo I. Pagsusulungin ng dalawang Pamahalaan ang pagtutulungang pangkalinangan ng dalawang bansa batay sa pagagalangan ng kanilang soberanya at alinsunod sa mga batas at mga alituntuning umiiral sa bawat bansa, na lagi nang nagsasaalang-alang sa kapakanan ng kanikanilang mga mamamayan.

Artikulo II. Pasisiglahin ng bawat Pamahalaan sa sariling bansa nito ang pag-unawa at pagpapahalaga sa pangkalinangan, pangkasaysayan at pangkalahatang kaparaanan ng pamumuhay ng kabilang bansa sa pamamagitan ng:

- (a) Pagpapalitan ng mga aklat at peryodikal at iba pang mga hanguang kagamitan na may kinalaman sa kasaysayan, sining, panitikan, agham at edukasyon;
- (b) Pagpapalitan ng mga di-komersiyal na mga pelikulang sinematograpiko, kasama na ang ukol sa telebisyon, na tumatalakay sa kasaysayan, kasalukuyang mga gawain, kalinangan, sining, agham at edukasyon;
- (c) Pagpapalitan ng mga rekording ukol sa mga palatuntunang panradyo, tungkol sa kasaysayan, kasalukuyang mga gawain, kalinangan, sining, agham at edukasyon; at
- (d) Pagpapalitan ng sining at iba pang mga eksibisyon at pagtatanghal na pangkalinangan.

Artikulo III. Pagsusumikapan ng dalawang Pamahalaan, sa ilalim ng mga batas at mga alituntuning umiiral sa bawat bansa, na iukol sa bawat taong-bayan ng magkabilang panig ang lahat ng maaaring maibigay na kaluwagan upang matiyak ang lalong mahinusay na pagkaunawa sa kanikanilang kalinangan sa pamamagitan ng pagpapasigla ng pagdadalawan sa magkabilang bansa ng:

- (a) Mga propesor, iskolar, mamamahayag, artista at mga kinatawan ng mga institusyong panlipunan, pang-edukasyon at pang-agham; at
- (b) Mga isportsmen, mga koponang pang-isport at mga kowts.

Artikulo IV. Pasisiglahin ng bawat Pamahalaan, sa abot ng kani-kanilang magagamit na batas na mapagkukunan, sa kanilang mga sariling pamantasan at iba pang mga institusyong edukasyonal ng lalong mataas na karunungan ang pag-aaral ng kasaysayan, panitikan at iba pang aspekto ng buhay at kalinangan ng isa't isa.

Artikulo V. 1. Pagsusumikapan ng bawat Pamahalaan na maglagda, sa ilalim ng mga batas at mga alituntunin nito, ng mga kinakailangang hakbangin para mapangalagaan ang mga likhang pampanitikan at pansining ng mga taong-bansa sa bawat isa sa kanila at magtutulongan sa pangangalaga at pagpapanatili ng mga pambansang ari-arian at kayamanang pangkalinangan ng bawat isa sa kanila.

2. Ang Artikulong ito'y hindi nagtatakda o nakapipinsala sa mga pananagutan ng alin man sa mga Pamahalaang ito sa ilalim ng anumang kombensiyong multilateral na may kinalaman sa pangangalaga at pagpapanatili ng mga pambansang ari-arian at kayamanang pangkalinangan na may pakikipaglagdaan ang dalawang Pamahalaan.

Artikulo VI. Ang bawat sang Pamahalaan, sa ilalim ng mga batas at mga alituntunin nito, ay magpupunyaging makapagbigay sa taong-bansa ng bawat isa ng mga iskolarsip ukol sa pag-aaral sa mga larangang panlipunan, pang-aghamb, pangkalinangan at pang-edukasyon.

Artikulo VII. Magtutulongan ang dalawang Pamahalaan sa pagpapalitan ng kabatiran tungkol sa mga pamantayan at sa pagkaunlad ng kanikanilang mga sistemang pang-edukasyon upang makatulong sa pagpapakahulugan at pagkilatis ng kanilang mga titulo, diploma at sertipiko para sa mga layuning pang-akademiko at kailanma't nararapat para sa mga layuning propesyonal.

Artikulo VIII. 1. Ang dalawang Pamahalaan ay magsasanggunian upang baliksurin ang operasyon ng Kasunduang ito at mag-usap, kailanma't maituturing na kinakailangan, para sa pagpapatupad ng mga tadhana ng Kasunduang ito.

2. Ang lahat ng mga pag-aayos na kinakailangan sa pagpapatupad ng alinman sa mga tadhana ng Kasunduang ito ay pahahayag sa anyo ng memoranda ng pag-uunawaan.

Artikulo IX. Ang Kasunduang ito'y magkakabisa sa araw na mapatalastasan ng dalawang Pamahalaan ang isa't isa ng pag-alinsunod sa kani-kanilang saligang-batas o iba pang mga pangunang kinakailangan upang maisakatuparan ang Kasunduan.

Ang Kasunduang ito ay mananatiling may-bisa sa loob ng anim (6) na buwan pagkaraan ng araw na makapagbigay ang isang Pamahalaan sa kabilang panig ng nakasulat na babala, sa pamamagitan ng lagusang diplomatiko, ng hangarin nito na pawalan ng saysay ang Kasunduan.

SA KATUNAYAN, ang mga nakalagda bilang kinatawan ng kanikanilang Pamahalaan ay lumagda sa Kasunduang ito.

ISINAGAWA nang dalawang sipi sa Maynila ngayon ika 15 araw ng Abril, Isang Libo Siyam-na-Raan Pitumpu't Pito, sa mga wikang Pilipino at Ingles, na mga tekstong kapuwa karapat-dapat panghawakan.

Para sa Pamahalaan
ng Republika ng Pilipinas:

[Signed — Signé]

CARLOS P. ROMULO
Kalihim ng Ugnayang
Panlabas

Para sa Pamahalaan
ng Australia:

[Signed — Signé]

ANDREW PEACOCK
Ministro ng Ugnayang
Panlabas

CULTURAL AGREEMENT¹ BETWEEN THE GOVERNMENT OF THE REPUBLIC OF THE PHILIPPINES AND THE GOVERNMENT OF AUSTRALIA

The Government of the Republic of the Philippines and the Government of Australia,

Desirous of strengthening the spirit of cooperation and friendship existing between the two countries,

Mindful of the valuable cultural exchanges which have developed between the two countries,

Inspired by the need and common desire to promote and develop cultural relations between their respective peoples,

Have agreed as follows:

Article I. The two Governments shall promote cultural collaboration between the two countries on the basis of mutual respect for their sovereignty and in conformity with the laws and regulations in force in each country, having in mind the interests of their respective peoples.

Article II. Each Government shall encourage in its own country an understanding and appreciation of the culture, history and general way of life of the other country by means of:

- (a) The exchange of books and periodicals and other resource material dealing with history, art, literature, science and education;
- (b) The exchange of non-commercial cinematographic films, including those for television, dealing with history, current affairs, culture, art, science and education;
- (c) The exchange of recordings for radio broadcasting programs on history, current affairs, culture, art, science and education; and
- (d) The exchange of art and other cultural exhibitions and presentations.

Article III. The two Governments shall endeavor, subject to the laws and regulations prevailing in each country, to accord each other's nationals every possible facility to ensure better understanding of their respective cultures by encouraging visits to each other's country of:

- (a) Professors, scholars, journalists, artists and representatives of social, educational and scientific institutions; and
- (b) Sportsmen, sporting teams and coaches.

Article IV. Each Government shall, within its available resources, encourage in its own universities and other educational institutions the study of the history, literature and other aspects of the life and culture of the other country.

Article V. 1. Each Government shall endeavor to adopt, subject to its laws and regulations, necessary measures for the protection of the literary and artistic

¹ Came into force on 20 February 1980, the date of the exchange of notes by which the two Governments notified each other of the completion of their respective constitutional requirements, in accordance with article IX.

works of the nationals of the other country and shall cooperate in the protection and preservation of each other's national cultural properties and treasures.

2. This article does not limit or affect the obligations of either Government under any multilateral convention relating to the protection of literary and artistic works, or to the protection and preservation of national cultural properties and treasures to which the two Governments are party.

Article VI. Each Government, subject to its laws and regulations, shall exert efforts to provide the nationals of the other country with scholarships for study and research and in the social, scientific, technical, cultural and educational fields.

Article VII. The two Governments shall cooperate in the exchange of information on standards and on developments of their respective educational systems to assist in the interpretation and evaluation of their degrees, diplomas and certificates, for academic and, where appropriate, for professional purposes.

Article VIII. 1. The two Governments shall consult each other to review the operation of the present Agreement and to negotiate, when deemed necessary, the implementation of the provisions of this Agreement.

2. All arrangements necessary for the implementation of any provisions of the present Agreement shall be expressed in the form of memoranda of understanding.

Article IX. This Agreement shall enter into force on the day on which the two Governments shall have notified each other of their compliance with their respective constitutional or other requirements necessary to give effect to the Agreement.

The Agreement shall remain in force until six (6) months after the day on which one Government shall have given the other notice in writing, through the diplomatic channel, of its desire to terminate the Agreement.

IN WITNESS WHEREOF, the undersigned, being duly authorized thereto by their respective Governments, have signed the present Agreement.

DONE in duplicate at Manila this 15th day of April, one thousand nine hundred seventy-seven, in the Pilipino and English languages, both texts being equally authoritative.

For the Government
of the Republic of the Philippines:

[Signed]

CARLOS P. ROMULO
Secretary of Foreign Affairs

For the Government
of Australia:

[Signed]

ANDREW PEACOCK
Minister for Foreign Affairs